[redacted]

Republic of the Philippines
Office of the President
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**
Regional Office III
Matulungin St., Diosdado Macapagal Government Center
Maimpis, City of San Fernando, Pampanga
Telefax: (045) 455-1662; Telephone Nos.: (045) 436-1846/436-1847

RELEASED
MAR 04 2019
CHEDRO III
e-mailed

**CHEDRO III MEMORANDUM**
**No. 031, S. 2019**

**TO** : **PRESIDENTS/HEADS OF PUBLIC AND PRIVATE HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS IN THE PROVINCE OF BULACAN**

**SUBJECT** : **IKATLONG TAON NG SINLELIKSIK BULACAN DOCUFEST**

**DATE** : **FEBRUARY 28, 2019**

x______________________________________________x

Ang Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, Rehiyon III, ay sumusuporta sa ikatlong taon ng **SINLELIKSIK Bulacan Docufest**, sa paksa nitong ***"Bayani ng Kanyang Panahon, Inspirasyon Natin Ngayon!"***, sa patuloy na pagsusumikap ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo, na patuloy na mapaigting ang pagtalakay sa kasaysayang lokal ng Bulacan na magtatampok sa kabayanihan ng mga dakilang Bulakenyong nagbuwis ng buhay para sa tinatamasang kalayaan sa kasalukuyan sa pamamagitan ng dokumentaryo.

Sa ganitong kadahilanan ay inaanyayahan ang mga guro, mag-aaral at iba pa na lumahok at aktibong makibahagi sa mga sumusunod na layunin ng patimpalak:

- Magkaroon ng komprehensibong pananaliksik patungkol sa mga bayaning Bulakenyo at ang kanilang kabayanihan sa kontekstong pangkasaysayan at kung paano ito iuugnay sa kasalukuyan
- Maging inspirasyon ang kanilang kabayanihan at tuwirang maikintal ang diwang nasyonalismo sa puso at isip ng mga Bulakenyo
- Magkaroon ng biswal na reperensiya sa buhay at kabayanihan ng mga dakilang bayaning Bulakenyo ng lalawigan

Ang mga interesadong lumahok sa patimpalak ay maaari lamang pumili ng isang bayani sa talaan ng mga bayaning Bulakenyo na tinutukoy ng Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo. Kalakip nito ang liham na galing kay **Dr. Eliseo S. Dela Cruz,** Pinuno ng nasabing Tanggapan. Nasasaad din dito ang konsepto, panuntunan at registration form ng patimpalak.

Para sa anumang katanungan o paglilinaw, mangyaring makipag-ugnayan lamang kay **Bb. Majory Lee C. Diza** ng History and Heritage Division sa telepono blg. **0918 – 903 – 6253.**

Ang inyong pagtangkilik sa nasabing patimpalak ay labis na kalulugdan.

**DR. CARIDAD OLI ABUAN, CESO III**
**DIRECTOR IV**

Reference: Liham ni Dr. Eliseo S. Dela Cruz
Pinuno, Panlalawigang Tanggapan ng
Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo
Lalawigan ng Bulacan

T9